

Alamin sa pamamagitan ng Man-ga

Pagsuot ng yukata sa fireworks display



Kapag naiisip mo ang tag-araw sa Japan, ang unang bagay na pumapasok sa isip mo ay ang magagandang paputok na kumikinang sa kalangitan sa gabi. Isa sa mga nakakatuwa sa tag-araw sa Japan ay ang pagpunta sa isang fireworks festival na nakasuot ng yukata o jinbei. Pagdating sa etiquette sa pagsuot ng yukata, ang "migi-mae" ay tumutukoy sa paglalagay muna ng gilid na hawak sa kanang kamay sa harap, at pagkatapos ay ilagay ang kaliwang bahagi sa ibabaw nito. Ang kabaligtaran, "hidari-mae," ay itinuturing na malas dahil ginagamit ito kapag binibihisan ang namatay. Ang Yukata ay medyo madaling isuot, kaya't mangyaring subukan ito habang isinasaisip ang wastong etiquette sa pagsuot nito.

Ang "Tomo" ay naglalathala at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga puntos para sa pag-aaral ng Japanese na may furigana at nasa siyam na wika (Vietnamese, Chinese, Pilipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongol, at English).

(<https://www.jitco.or.jp/ja/tomo/>)



CAUTION

Ano ang dapat kong pag-ingatan tungkol sa [bank account]?



Ang bank account na kailangan sa pamumuhay sa Japan. Ang bank account ay hindi lamang para sa pagdedeposito at pag-iipon ng pera, ngunit ginagamit din para sa iba't ibang mga transaksyong pinansyal tulad ng pagtanggap ng iyong suweldo at sa pagpapadala ng pera sa ibang bansa. Mag-ingat na huwag mawala ang iyong passbook o cash card, at itago ang mga ito sa isang safe na lugar kapag hindi mo ito ginagamit.

Kung ang alinman sa mga sumusunod ay naaangkop sa iyo, kakailanganin mong makipag-ugnayan sa institusyon kung saan mo binuksan ang iyong account (tulad ng isang bangko o iba pang institusyong pinansyal).


✓ Kapag nagbago ang iyong address, period ng stay at resident status



✓ Kapag tumigil sa trabaho




✓ Kapag naiwala ang passbook o cash card



✓ Kapag babalik na sa sariling bansa



Hindi na papayagan ng ilang institusyong pinansyal ang mga withdrawal o remittance mula sa mga account pagkatapos mag-expire ang panahon ng iyong resident status. Ito ay upang maiwasan ang anumang mapanlinlang na paglipat ng mga account mula sa paggamit para sa mga krimen tulad ng specialized frauds. Samakatuwid, kung nais mong pahabain ang panahon ng pananatili sa Japan sa pamamagitan ng change of status of residence, atbp., siguraduhing ipaalam sa institusyong pinansyal. Kung hindi mo gagawin ang kahilingang ito, maaaring hindi ka makapag-withdraw ng pera kahit sa iyong sariling account hanggang sa makumpirma ang iyong valid na paninirahan, kaya mag-ingat.



Ang mga sumusunod na gawain ay mga krimen!



Isang krimen na ibenta, ipamigay, o ipahiram ang iyong passbook o cash card sa ibang tao. Isa ring krimen na ibigay ang iyong impormasyon sa pag-login sa internet banking at payagan ang ibang tao na gumamit ng iyong account. Hindi ka dapat mag-respond kahit na nakatanggap ka ng message sa isang social networking site tulad ng Facebook na nagsasabing, "Bibili kami ng account sa mataas na halaga".

Hindi ka dapat masangkot sa mga pekeng cash card, debit card, credit card, atbp. Ang pagkakaroon ng pekeng card at paggamit ng pekeng card ay krimen din.

Huwag gagamit ng "underground banks" na nagbibigay ng mga serbisyong international remittance ng walang kinakailangang lisensiya o registrations.

Hindi ka dapat masangkot sa anumang mga transaksyon na maaaring ituring na money laundering, isang pagtatangka na umiwas sa pagsisiyasat sa pamamagitan ng pagtatago ng pagkakakilanlan ng mga may criminal funds.



Mag-ingat!

- Hindi kailanman hihilingin ng mga opisyal ng gobyerno, pulis, empleyado ng bangko, atbp. ang iyong cash card number o PIN number.
- Kung gumawa ka ng isang bagay na labag sa batas, tulad ng paglipat ng iyong account sa ibang tao, maaaring hindi ka na papayagang manirahan sa Japan o kahit na bumisita sa Japan.

出典：金融庁 HP (<https://www.fsa.go.jp/user/livinginjapan.html>) を基に JITCO が作成

とも

2025年7月 夏季号

2025年7月1日発行

発行

電話
JITCO ホームページ

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)
総務部広報室
〒108-0023
東京都港区芝浦2-11-5
五十嵐ビルディング
03-4306-1166 (ダイヤルイン)
<https://www.jitco.or.jp/>



jitco.official



@jitco_official